# 多言語情報コーナー　（令和８年　８月号）

## 1. Natatanging Tampok sa Paghahanda sa Kalamidad 1: "Bagong Impormasyon sa Pagbibigay-ulat sa Kalagayan ng Panahon para sa Pag-iwas sa Sakuna" at Tamang Oras ng Paglikas.

Nagsimula ang "bagong impormasyon sa pagbibigay-ulat sa kalagayan ng panahon upang makaiwas sa sakuna" noong huling bahagi ng Mayo 2026.

Upang mas madaling maunawaan ang mga hakbang sa paghahanda na kinakailangan sa panahon ng sakuna, isinasama na ngayon ang mga antas ng babala (na kinakatawan ng mga numero) sa mga tawag sa mga babalang pang-panahon na may kaugnayan sa sakuna. Halimbawa, ang "Heavy Rain Warning" ay nagiging "Level 3 Heavy Rain Warning." Ang Level 3 ay tumutukoy sa babala ng "Paglikas ng mga nakatatanda, maliliit na bata, mga buntis at mga taong may kapansanan na dapat nang magsimulang lumikas.

Bilang karagdagan, nagbago na rin ang paraan ng pag-anunsyo tungkol sa panganib ng pagbaha sa mga ilog. Ititigil na ang paggamit ng mga kasalukuyang babala at abiso sa baha sa halip, mag-iiba ang paraan ng pag-aanunsyo depende sa klasipikasyon ng ilog. Partikular na papalitan ang "Flood Warning" ng "Level 3 Flood Warning" para sa malalaking ilog at ng "Level 3 Heavy Rain Warning" para sa maliliit at katamtamang laki ng ilog.

Ang babala na tumutugma sa "Level 4"—na nagpapahiwatig ng sitwasyong kinakailangan ang paglikas mula sa mapanganib na lugar—ay inilalabas bilang "Babala sa Panganib" (Danger Warning). Halimbawa, ang "Babala sa Pagguho ng Lupa" (Landslide Warning) ay babaguhin at tatawaging "Level 4 na Babala ng Panganib sa Pagguho ng Lupa."
Kung maglalabas ang lungsod ng kautusan para sa paglikas—tulad ng "Level 4 Flood Danger Warning" o "Level 4 Landslide Danger Warning"—kailangang

agad na lumikas ang lahat patungo sa isang ligtas na lugar.

Ang "Level 5 Special Warning for Flooding" o "Level 5 Special Warning for Heavy Rain" ay nagpapahiwatig ng sitwasyong nagbabanta sa buhay kung saan hindi na posible ang ligtas na paglikas; maaaring lumampas na ang pagkakataon upang makalikas nang ligtas. Lubhang mapanganib ang lumabas ng bahay upang pumunta sa evacuation center. Upang mailigtas ang iyong buhay, lumikas agad sa isang lugar na bahagyang mas ligtas kaysa sa kasalukuyang kinaroroonan.

## 2. Natatanging Tampok sa Paghahanda sa Kalamidad 2: Paggamit ng mga Hazard Map at mga Lugar para sa Emergency Evacuation

Paano tutugon kung maglabas ng Level 3 na "Paglikas para sa mga Nakatatanda at Iba Pa" o Level 4 na "Evacuation Order"?

Mayroong disaster prevention hazard map—mga "mapang itinalaga upang magligtas ng buhay"—na nagbibigay-daan na suriin ang kapaligiran mula sa panganib ng sakuna, mga lugar na paglilikasan at impormasyon tungkol sa paglikas. Maaari tingnan ang mga mapang ito sa website ng lungsod. Mangyaring sumangguni sa hazard map upang matukoy nang maaga ang mga mapanganib na lugar sa paligid ng iyong tinitirahan o pinagtatrabahuhan at magplano ng maaga para sa ligtas na mga daan ng paglikas.
Dahil maaaring matukoy nang ilang araw nang maaga ang pagdating ng bagyo o katulad na kalamidad na may kinalaman sa panahon, mangyaring kumuha ng impormasyon gamit ang mga paraan tulad ng telebisyon, mobile phone, radio o computer at magsagawa ng mga hakbang upang makapaghanda sa sakuna.

Ang paglikas ay hindi lamang nangangahulugan ng pagpunta sa isang evacuation center na bubuksan ng lungsod.
Maaaring may mas mabubuting opsyon kaysa sa isang shelter kung saan sabay-sabay na nagtitipon ang napakaraming tao.
Halimbawa, maaari ring lumikas sa tahanan ng isang mapagkakatiwalaang kamag-anak o kakilala na nakatira sa ligtas na lugar. Maaari ring piliing lumikas nang maaga sakay ng sasakyan patungo sa isang ligtas na lokalidad.
Nagtatalaga ang lungsod ng mga partikular na pasilidad—tulad ng mga paaralan at community center—bilang mga "priority evacuation center" na

mabilis na bubuksan sa panahon ng sakuna. Mangyaring tingnan ang website o social media ng lungsod para sa impormasyon kung aling mga evacuation centers ang bukas bago lumikas.

Kung susuriin ang disaster hazard map at makitang nasa ligtas na lugar ang tinitirahan, ang pinakamabuting gawin sa panahon ng sakuna ay manatili na lamang dito. Kahit nasa lugar na may panganib ng pagbaha ang iyong bahay, maaari pa ring manatili rito kung ang inaasahang lalim ng baha ay hindi lalampas sa 50 sentimetro. Kung ang inaasahang lalim naman ay hindi aabot sa 3 metro, dapat nang lumikas patungo sa mas mataas na bahagi ng bahay tulad ng ikalawang palapag o higit pa.

Nakipagkasundo rin ang lungsod sa mga pribadong establisyemento upang magtalaga ng mga lugar kung saan maaaring ilikas ang mga sasakyan sa panahon ng sakuna. Pinahihintulutan ng mga pasilidad tulad ng Aeon Tochigi Department Store ang paggamit ng kanilang mga rooftop at parking lot para sa paglikas ng mga sasakyan. Mangyaring tingnan ang impormasyon tungkol sa pagbubukas na ihahayag ng Lungsod ng Tochigi bago pumunta sa evacuation site. Tandaan na maaaring bahain ang mga kalsada kung maaantala ang paglikas, kaya't mangyaring lumikas nang maaga.

## 3. Ang Paglunsad sa Gamit ng Specified Residence Card.

Ito ay isang paunawa mula sa Immigration Bureau ng Japan.
Simula noong ika-14 ng Hunyo 2026, nagsimula na ang serbisyo sa paggamit ng "Specified Residence Card"—ang pinagsasamang gamit ng Residence Card at ng Individual Number Card (My Number's Card).

Saklaw nito ang mga residenteng nananatili sa Japan na medium to long-term residents at special permanent residents na ang pananatili ay hihigit sa tatlong buwan at nakatala sa Citizen's registry ng lungsod. Kahit kwalipikado, hindi sapilitan ang pagkuha ng nasabing card; maaaring mag-aplay para dito ang mga indibidwal kung nais nila. Maaari pa ring magdala ng dalawang magkahiwalay na card, gaya ng dati.

Ang pinakamalaking kabutihan ng Specified Residence Card ay kapag pinalawig ang visa, awtomatikong naa-update ang datos ng My Number sa Immigration Bureau kasabay ng pag-renew; inaalis nito ang pangangailangang magsagawa pa ng proseso sa munisipyo, kaya naman nagiging mas episyente ang mga dating ginagawang proseso sa pamamagitan ng "one-stop" service na ito. Bukod pa rito, maaari ring gamitin ang nasabing card bilang My Number Health Insurance Card at My Number Driver's License.

Subalit, hindi maaaring mag-apply para lamang sa pagpapalit patungo sa partikular na residence card na ito. Maaari lamang mag-apply para sa pagpapalit kasabay ng aplikasyon para sa pagrenew, pagbabago ng status o permanenteng paninirahan sa counter ng immigration office. Bukod pa rito, kapag bagong dating sa Japan o nagbago ang tirahan (tulad ng paglipat ng bahay), maaaring mag-apply para sa pagpapalit sa card na ito nang sabay sa

munisipiyo.

Bagaman ang mga karaniwang residence card ay dati nang ibinibigay agad sa mga immigration counter, ang mga "Specified Residence Card" ay nangangailangan ng proseso upang maisama ang mga function ng My Number Card dahil dito inaabot nang hindi bababa sa dalawang linggo bago ang mga ito maibigay.

Bilang karagdagan, simula sa Hunyo 14, 2026, kumpara sa mga karaniwang residence card para sa "Specified Residence Card"), ang mga impormasyon tulad ng duration of stay, uri ng visa, at petsa ng issuance ng visa ay itatala sa IC chip at hindi na makikita sa harap ng card.